MAHALAGANG IMPORMASYON PARA SA MGA TAGAPAG-ALAGA
(FOREIGN CAREGIVERS)

MGA TAGUBILIN/PAGBABAWAL NGAYONG PANAHON NG COVID 19 PARA SA LINGGUHANG PAHINGA MULA SA AHENSIYANG PANGKALUSUGAN(MINISTRY OF HEALTH) AYON SA KANILANG REGULASYON (***HOME ISOLATION AND GENERAL PROVISIONS 2020***)

Isinasaad ang ilang paglilinaw kaugnay na dapat gawin ng mga Tagapag Alaga ng mga Elderly at Handicapped na naninirahan sa kanila(live-in Caregiver)ang mga bagay na dapat sundin sa oras ng kanilang pahinga(weekly day off).

Kung ang mga Tagapag Alaga (live-in Caregivers) ay nais na matulog or kumuha ng kanilang pahinga(weekly day-off), sila ay HINDI maaaring makisalamuha/makisama sa mga pangmaramihang bilang ng tao na pangkaraniwang nagyayari tuwing oras ng pahinga sa kanilang mga apartment o tinutuluyan sa labas ng kanilang trabaho.

ANG MGA MAAARING GAWIN AT SUNDIN NG TAGAPAG ALAGA SA KANILANG ORAS NG PAHINGA(WEEKLY DAY OFF) AY ANG MGA SUMUSUNOD.

1. Ang Tagapag-alaga(Caregiver) ay maaaring manatili at matulog sa regular na kuwartong nakalaan para sa kanya sa tirahan ng employer sa oras ng kanyang pahinga.

2. Ang Tagapag- Alaga ay maaaring manatili at gugulin ang kanyang gabi/oras ng pahinga mag isa sa ibang lugar bilang pagsunod sa patakaran ng ahensiyang Pangkalusugan(Ministry of Health) na may hiwalay na antas para sa mga iba pang mga pribadong pasilidad.

3. Ang Tagapag-alaga ay maaaring manatili at matulog nang magdamag sa isang tao/isang bilang ng tao na regular na nakatira, tulad ng nakasaad sa mga regulasyon sa itaas (halimbawa – kasama ang isa pang bilang ng pamilya o kasama ang isang kaibigan na karaniwang namumuhay nang MAG-ISA lamang).

Ito ay binibigyang-diin na ang Tagapag-alaga ay HINDI maaaring manatili o magpalipas ng gabi sa mga apartment na pangkaraniwang may bilang na grupo na kasama tuwing oras ng pahinga ng Sabado at Linggo.Ito ay isang paglabag sa mga regulasyon ng Ahensiya ng Pangkalusugan at hindi nagpapahintulot na magkaroon ng maraming bilang or grupo na nasa iisang tinutuluyan/tirahan.